

**OPISAL NA PAHAYAG**

Abril 19, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Sentro ng Impormasyon, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Ang Lungsod ng Long Beach ay Inilunsad ang Online Portal upang Suportahan ang Pakikilahok ng Pamayanan sa Migranteng mga Bata para sa Makataong Pagsisikap**

***Ang Komunidad ay Maaari nang Magbigay ng mga Pondo at Magsumite ng mga Pormas ng Interes para sa Karagdagang mga Serbisyo sa Suporta***

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ngayon ay naglunsad ng isang [online portal](#) na may detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano makakatulong ang mga miyembro ng komunidad, mga lokal na samahan, at negosyo na suportahan ang mga batang migrante na pansamantalang sisilong sa Long Beach Convention Center bilang bahagi ng pambansang pagsisikap na pantao upang magbigay suporta. Walang kasamang mga magulang ang mga batang migrante na dadating sa dakong Timog na Hanganan. Inaasahan na magsisimulang dumating ang mga bata sa silungan ng Departamento ng Kalusugan at Serbisyon Pantao (Health and Human Services-HHS) ng Estados Unidos sa linggong ito.

“Nagkaroon ng labis na interes mula sa ating pamayanan upang malugod at suportahan ang mga batang migrante na darating sa ating lungsod,” sinabi ni Alkalde Robert Garcia. “Ang Long Beach ay magpapatuloy na magpakita ng pagkahabag sa mga nangangailangan, at ang aming online portal ay magbibigay ng napapanahong impormasyon sa mga paraan na maaaring suportahan ng mga miyembro ng komunidad ang mga pagsisikap na ito.”

Habang ang muling pagsasama at tirahan ay pinamunuan at pinondohan ng HHS, ang Lungsod ay tututok sa pagtulong sa HHS at ng pamahalaang pederal na tanggapin ang mga bata at suportahan sila sa panahon ng proseso ng muling pagsasama.

Nagkaroon ng makabuluhang interes mula sa pamayanan ng Long Beach upang masuportahan ang mga batang ito, at ngayon ang mga miyembro ng komunidad at mga lokal na samahan at negosyo ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo o pagsusumite ng isang pormas ng interes upang suportahan ang pagsisikap na ito.

### **Mga Donasyong Pang-Pera**

Ang [Long Beach Community Foundation](#) ay inilunsad ang [Migrant Children Support Fund](#) upang tanggapin ang mga donasyon ng pera mula sa mga miyembro ng komunidad at mga lokal ng samahan ng mga negosyo. Ang lahat ng mga donasyon ay partikular na itinalaga upang magbigay ng tulong at suportang mga mapagkukunan na nauugnay sa mga batang migrante para sa makataong pagsisikap sa Long Beach. Ang mga mapagkukunang ibinigay na sa pamamagitan ng mga donasyong ito ay inilaan upang gawing mas komportable ang mga bata sa panahon ng kanilang pananatili sa Long Beach at sa panahon ng proseso ng muling pagsasama-sama sa kanilang mga pamilya. Lahat ng donasyon ng pera sa pondong ito ay maibabawas sa buwis.

Ito ang pinakamadali at pinakamabilis na paraan na maaaring suportahan ng pamayanan at mga lokal na organisasyon at negosyo para sa pagsisikap na ito. Ang mga donasyon ay maaaring gawin sa [online](#), o kaya sa pamamagitan ng pag-mail sa isang tseke sa pundasyon ng Long Beach Community sa 400 Oceangate, Suite 800, Long Beach, CA 90802. Dapat isama sa mga tseke ng donasyon ang mga salitang “Migrant Children Support Fund”.

### **Mga Serbisyo sa Negosyo, Tindero at mga Donasyon ng Samahan**

Ang mga negosyo at organisasyong interesado sa pagbibigay ng mga komplimentaryong serbisyo sa silungan ng HHS ay dapat kumpletuhin ang isang [interest form](#), na isinumite sa HHS para sa pagsusuri at pagsasaalang-alang. Kasama sa mga halimbawa ng mga serbisyo ay ang mga sumusunod:

- Mga serbisyo sa pagkain
- Edukasyon

- Libangan
- Kalusugang Pangkaisipan
- Aliwan
- Muling Pagsasama-sama ng Pamilya
- Pangangasiwa ng mga bata
- Mga Serbisyong Ligal
- Mga Serbisyong Pang-Relihiyon
- Mga Salin ng Wika
- Mga Pamamahala ng mga Kaso
- Mga Tulong sa Pag-set ng mga Pasilidad
- Pangangalaga sa Kalusugan

### **Mga Oportunidad Para sa Personal na Pagboboluntaryo**

Ang lungsod ay aktibong nagtatrabaho kasama ang HHS upang makilala ang mga karagdagang paraan na maaaring makisali ang pamayanan, kabilang ang sa pamamagitan ng mga pagkakataon na kusang loob at posibleng mga pisikal na donasyon. Ang mga taong interesado sa pagboboluntaryo ay dapat magsusumite ng [volunteer interest form](#) kasama ang kanilang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnay at makikipag-ugnayan ang HHS para matukoy ang mga oportunidad

Ang mga boluntaryo ay maaaring magamit para sa isang bilang ng mga aktibidad at serbisyo, na pinamumunuan ng HHS. Ang karagdagang impormasyon sa mga pagkakataong ito ay ibibigay sa ibang araw.

Ang impormasyon sa kung paano maging isang tagataguyod ng HHS ay makikita sa [HHS Sponsors and Placement webpage](#).

Noong Abril 6 ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay nagkakaisa na ma-[approved](#) Upang payagan ang Tagapamahala ng Lungsod na makipag-ayos sa isang kasunduan sa pakikipagsosyo sa HHS upang suportahan ang kanilang mga pagsisikap na magtipid sa pansamantala at mabilis na ikonekta muli ang mga walang kasamang menor de edad na dumating sa Timog na Hangganan.

Ang Long Beach ay may mahabang kasaysayan ng pagtanggap at pagtulong sa mga migrante at refugees. Habang nasa Convention Center ang mga bata ay mananatili sa ilalim ng pangangalaga ng HHS hanggang sa sila ay muling maipagsama sa kanilang pamilya o isang sponsor ng U.S. Ang Convention Center ay may sapat na puwang

para sa mga bata na muling likhain ang pagkatuto at tumanggap ng medikal na atensiyon kung kinakailangan at may kakayahang tumanggap ng hanggang sa 1,000 libong mga bata.

Ang kanlungan ng HHS ay hindi makaka-apekto sa mga operasyon sa pagbabakuna ng Covid-19 na kasalukuyang ginagawa sa Convention Center. Ang mga gastos para sa pagpapatakbo at paggamit ng pasilidad ay ibinibigay ng pederal na gobyerno.

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatakbo ng HHS Shelter ay magagamit sa lalong madaling panahon.

Ang mga detalye tungkol sa Programang Unaccompanied children ng HHS ay abeylabol sa [HHS webpage](#).

Para sa mga makabagong impormasyon tungkol sa COVID-19 at mga detalye tungkol sa lahat na ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang mga residente bisitahin ang, [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###